




Republic of the Philippines  
Department of Education  
Region V (Bicol)  
**DIVISION OF CATANDUANES**  
Virac, Catanduanes



**Advisory # 49**  
**Random Drug Testing**

July 13, 2018  
**RELEASED**

Dep. Div. of Catanduanes  
RECORDS SECTION  
Date JUL 13 2018  
Time: 4:20 P.M.  
Initial/Signature Just

To: **All Secondary Schools**

Please be advised that we will be using the attached **Notification Letter** for the Random Drug Testing in this division.

For your information and guidance.

  
**SOCORRO V. DELA ROSA, CESO VI**  
Schools Division Superintendent

**ABISO SA RANDOM DRUG TESTING**

Petsa: \_\_\_\_\_  
Paralan: \_\_\_\_\_  
Pangalan ng Magulang: \_\_\_\_\_  
Tirahan: \_\_\_\_\_

Mahal naming Magulang,

Ang Departamento ng Edukasyon (DepEd) ay walang tigil sa pagsusumikap na mabigyan ang ating mga mag-aaral ng kaaya-aya, ligtas, mapayapa at nakahihikayat na kapaligiran sa pag-aaral upang lubusan silang matuto at malinang ang kakayahan ng bawat isa.

Bilang bahagi ng pagtiyak na manatili ang ganitong kaaya-ayang kapaligiran, nararapat lamang na tiyakin na ganito rin ang kalagayan ng realidad ng ating kapalibutan. Dahil dito minarapat ng DepEd ang pagpapatupad ng "Preventive Drug Education Program" alinsunod sa Seksyon 36 (c) ng Artikulo III ng RA 9165 o ang "Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002".

Maliban sa integrasyon ng mga kaugnay na paksa sa kurikulum, bahagi ng Preventive Drug Education Program ay ang *random drug testing program* na isasagawa sa mga mag-aaral sa sekundarya. Layunin nito na:

- matukoy ang dami/lawak ng paggamit ng bawal na gamot sa mga mag-aaral;
- mataya ang kabisaan ng pampaaralan at pangkomunidad na programa laban sa droga;
- mapigilan/mahinto na ang paggamit ng mga ipinagbabawal na gamot;
- mapangasiwaan ang rehabilitasyon ng mga gumagamit at naka-asa na sa droga; at
- mapalakas/mapatatag ang sama-samang pagsisikap ng iba't ibang ahensiya laban sa droga at rehabilitasyon ng mga gumagamit at naka-asa na sa droga.

Tinitiyak po namin sa inyo na kung sakaling mapabilang ang inyong anak sa malawakang pagpili sa gawaing ito, ang resulta po ay mananatiling lihim at kumpidensiyal. Higit pa, na hindi ito pagbabatayan ng kahit na anong uri ng parusa sa sinomang mapatunayang positibo sa droga. Ang gawaing ito ay pangangasiwaan ng Department of Health (DOH) at isasagawa ng pinagtibay at kinilalang *drug testing laboratories*. Walang anomang gastusin ang mag-aaral at magulang sa gawaing ito.

Ang DepEd kamakailan lamang ay nagpalabas ng Department Order No. 40 s. 2017, *Guidelines for the Conduct of Random Drug Testing in Public and Private Secondary Schools*. Nakapaloob dito ang mga panuntunan at kalakip na impormasyon kung paano isasagawa ang random drug testing sa mga napiling mag-aaral.

Nauunawaan po namin ang inyong agam-agam, alalahanin at mga tanong patungkol sa gawaing ito. Kung kaya't nagtakda kami ng pagtitipon/pagpupulong (assembly), para sa lahat ng magulang sa \_\_\_\_\_ Maaari din tumawag sa telepono/mobile phone bilang \_\_\_\_\_ para sa inyo pang mga katanungan.

Umaasa po kami na kung sakaling may mga nais kayong mabigyang-linaw pa patungkol dito ay huwag kayong mag-atubili na makipagkita at makipag-usap sa amin. Huwag kayong mag-alala, tinitiyak po namin na una sa lahat ang kapakanan ng mga mag-aaral, igagalang at pangangalagaan ang integridad at kaligtasan ng bawat isa.

Maraming salamat po.

Labos na sumasainyo,

\_\_\_\_\_  
Pangalan at Lagda  
Prinsipal/Drug Testing Coordinator

**PAGTANGGAP**

Ito ay patunay ng pagtanggap at pag-unawa sa Abiso ng Random Drug Testing na isasagawa sa mga piling mag-aaral sa sekundarya.

\_\_\_\_\_  
Pangalan at Lagda ng Magulang/Guardian

\_\_\_\_\_  
Petsa